

## 1



"Matilda? Ikaw na si Matilda na anak sa pagkadalaga ni Insyang?" Nakamulagat sa kanya si Aling Precing, ang unumero-unong tsismosa sa baryo nila.

Iyon ang alam niya bago siya umalis, walong taon na ang nakararaan. Hindi niya alam kung may umagaw na sa trono nito ngayon. Pero tanda pa niya noon, nakikipag-away ang babae kapag nahuhuli sa tsismis. At alam niyang nagdidiwang ang makating dila nito dahil ito pa ang unang nakasalubong niya sa palengke sa unang araw ng pagbabalik niya sa probinsyang sinilangan.

"Oho. Wala nang iba." Nakangiti si Matilda, pero mukhang hindi nahahalata ng kaharap na mas lamang ang pagkakaismid niya.

"Aba'y kaganda mo ngayon! Noong umalis ka rito'y kapayat mo, saka maiksi at parang kawad ang buhok mo. Ngayo'y kaganda mo! Sabagay, dati ka naman nang maganda. Kamukha mo ang nanay mo,

pero namana mo sa ‘Merkanong tatay mo ang kutis at taas mo. Payat ka nga lamang noon. Pero ngayon, naku! Ang sexy mo na at ang haba ng buhok mo, pagkakintab-kintab. Artista ka na ba?”

“Tinanggihan ko po ang mga offer. Okay na po ako sa pagmo-model. Mahirap po kasi ang artista, ang daming tsismis lagi. Alam n’yo na,” pasaring ng dalaga.

“Sabagay nga, kung artista ka, dapat nakita na kita saTV. Eh, ano ba’ng mino-model mo? Hindi naman kita nakikita sa patalastas?”

Gustong humalakhak ni Matilda. Paniwalang-paniwala ang matanda, at hindi siya magtataka kung bukas makalawa ay kumalat iyon sa baryo nila. “Mga underwear po. Sabi n’yo nga, sexy na po ako ngayon,” tatawa-tawang aniya. “Sige po, may bibilhin pa po kasi ako.”

“*Anderwer? Karsunsilyo?*”

“Pantry at bra,” natatawang sambit pa niya. “Sige po, uuna na po ako. Ingat po kayo,” ani Matilda, pero hindi pa siya nakakatalikod ay hinawakan siya nito sa braso.

“Ay sandali. Saan ka nakatira? Bumalik ka na kina Conching? Hindi ba’t hiwalay na sila ni Armando? Naku, maigi’t natauhan iyang tiyahin

mo. Sabungero na, babaero pa 'yung lalaking iyon. At noong huli, nananakit ng asawa. Kaawa-awa ng tiyahin mo!”

Ang Tiya Conching niya ang nakatatandang kapatid ng kanyang ina. Nang mamatay ang ina dahil sa tubig sa бага noong bago siya makatapos ng high school, ang tiyahin na ang kumupkop sa kanya.

“At alam mo ba, noong umalis ka, nakow! Nagkaloko-loko ang puwesto nila sa palengke. Paano ba naman, akala mo anak-mayaman ang mga pinsan mo kung umasta. Hindi mautusan si Berna, si Silvia ay ganoon din. Si Richard lang ang may pakinabang sa negosyo nila!”

“Sige po, Aling Precing, may bibilhin pa po ako. Sa susunod na lang po ulit ako makikipagtsismisan sa inyo,” ani Matilda, ngiting-aso na siya. Kung puwede nga lang isubo na niya sa matanda ang dala nitong patola ay baka ginawa na niya. Hindi ito makaramdam na hindi siya interesado sa ikinukuwento nito.

“Ay siya, sige, Matilda, kapag may pagkakataon ka’y dumaan ka sa sari-sari store ko at nang makumusta naman kita.”

Gusto niyang tumawa. Kanina pa sila magkausap, pero inuna pa nito ang pagkukuwento ng latest

development sa baryo, kesa tanungin kung kumusta ba siya. Hindi na siya sumagot, tumango lang at lumakad na palayo.

“Ay sandali pala.” Humabol ulit ang matanda. “Dalaga ka pa ba?”

Tumango si Matilda; nagtataka kung saan na naman patungo ang tanong ng matabil na matanda.

“Nagkita na ba kayo ni Leandro? Doktor na ngayon iyon. Iyong sa mga bata. Bukod sa mini-mart, nagpatayo rin sila ng ospital! Lalo silang yumaman!”

“Mabuti po para sa kanila, kung gan’on.” Nakaismid na si Matilda pero mukhang wala pa ring pakialam ang matanda.

“Eh, ikaw naman ay mukhang may sinasabi na rin sa buhay. Nakita kita kaninang bumaba sa bagong kotse. Bago pa iyon kasi walang plaka, di ba?”

Lalong napaismid ang dalaga. Matalas talaga ang mata ng matanda.

“Baka kayong dalawa talaga, kasi binata pa rin si Leandro! Naku, kung noon ay alangan kayo, ngayon palagay ko’y bagay na bagay na kayong dalawa. Palagay ko, wala nang masasabi ang mga taong nanghuhusga sa iyo noon na pera lang ng mga Advento ang habol mo.”

Kung kanina ay pag-ismid lang ang ginagawa ni Matilda, ngayon ay hindi na niya napigilan ang pagsimangot.

“Ano kaya ang gagawin ni Leandro kapag nalamang narito ka? Malamang puntahan ka na naman noon. Dati, madalas siyang tumambay sa tindahan n’yo. Kaya ka nga namumura n’on ng tiyahin mo, kasi inuuna mo pa ang kalandian. Maghapong magkasama kayo lagi noong kabataan n’yo, di ba? Nagkikita pa kayo sa kubo ni Imo.”

Wala pa ring patumangga ang kausap, waring hindi napapansin ang pag-asim ng kanyang mukha. Puwes, kung hindi ito makuha sa simpleng tingin at pagsimangot, dederechahin na niya ito. Sabihin mang dapat gumalang sa matatanda, pero kapag ganitong klase ng matanda naman ang kaharap mo, mawawalan ka talaga ng respeto.

“Hindi pa ho kami nagkikita. Hayaan n’yo po, Aling Precing, kapag nagkasalubong kami, sasadyain ko kayo sa tindahan at ipapaalam ko po kaagad sa inyo ang development. Para mayroon din po kayong maibalita sa iba. O, para po mas maganda, kapag nagkasalubong kami, sasabihin ko pong sa tindahan n’yo na kami magkita, hindi na sa kubo, para mas siguradong updated kayo sa balita.”

Natigagal ang matanda at waring napahiya. “Siya, sige, ako’y may bibilhin pa rin,” anito na tumalikod bigla.

Napailing si Matilda, itinuloy ang paglalakad sa palengke. Ang lakas din naman ng loob nitong sabihin na wala nang masasabi ang mga nanghusga sa kanya noon, samantalang ito ang numero-unong gumawa niyon at nagbalita pa sa iba ng nangyari sa kanya at kay Leandro noon. At ito rin ang pasimuno na pera lang ang habol niya sa mga Advento.

Bumuntong-hininga na lang si Matilda. Pero bumagal ang mga hakbang niya nang mapatapat siya sa hilera ng mga fruit stalls.



*“Maty, ano’ng order mo? Nakapaglista ka na ba?” tanong ni Helen, ang tauhan sa katabing fruit stall at naging matalik na niyang kaibigan.*

*Tuwing hapon ay naglilista siya ng order ng prutas at nakikisabay sila sa pagbili ng ibang fruit dealers sa Divisoria, doon sila nag-aangkat ng mga imported na prutas na siyang itinitinda niya.*

*Mula nang maka-graduate sa high school ay siya na ang pinatao ng Tiya Conching niya sa palengke. Bilang kabayaran daw sa pagpapaaral nito sa kanya ng high school, siya na ang nagtitinda sa fruit stall*

*ng mga ito, na para bang sagot ng mga ito ang buong gastos sa pag-aaral niya. Scholar siya ng munisipyo kaya may nakukuha siyang allowance. Pero dahil nakikitira siya, wala naman siyang magawa.*

*Hindi na siya pinagkolehiyo ng tiyahin. Ayon dito, hindi kakayanin dahil nag-aaral din ang dalawang anak nito na sina Berna at Silvia. Sa tatlong anak ng tiyahin, si Kuya Richard lang ang mabait sa kanya, iyong dalawa ay parang kasambahay ang trato sa kanya.*

*“Oo, nakapagpakuha na ako ng order. Makikisabay na lang sa pagbibigay at pagbabayad mo. Hindi ako makakaalis dito sa puwesto ko.”*

*Napailing ang kaibigan. “Ewan ko ba d’yan sa tiyahin mo. Dati, noong siya ang nakatao d’yan, may assistant siya. Ngayon, ikaw na lahat. Mula pagbubukas sa umaga, hanggang sa pagsasara sa gabi.”*

*“Hayaan mo na. Nakikitira ako sa kanila.”*

*“O, eh sa laki ng hirap mo sa tindahan na ’yan, pati sa bahay nila, bayad na bayad ka na sa pagkain at trabaho mo. Ilang taon mo na bang ginagawa ’yan? Mula pagka-graduate mo ng high school hanggang ngayong nineteen ka na. Dapat nga, may suweldo ka pa d’yan, eh.”*

*Bumuntong-hininga na lang si Matilda. Wala din namang mangyayari kung magmumukmok siya. Ipinagpapasalamat na rin niya na kahit paano, hindi siya napariwara nang mamatay ang kanyang ina. Hindi niya alam noon kung sino ang kukupkop sa kanya, lalo na't ikinahihiya siya ng mga kapatid ng ina niya dahil nga anak siya sa pagkadalaga, na para bang kasalanan o ginusto niya iyon.*

*Naanakan daw ang kanyang ina ng isang bakasyunistang Amerikano. Umalis ang Amerikano na hindi alam na nabuntis pala ang nanay niya. Wala siyang balita kung nasaan ang ama at wala na rin siyang planong hanapin pa ito.*

*"Tutulungan kitang magsara mamaya," ani Helen.*

*Hindi na niya nagawang sumagot sa kaibigan dahil may dumating na customer.*



*"Matilda, pauwi na ako, sabay na tayo," ani Richard, nakaporma ang pinsan. Kaninang umaga ay maaga itong umalis.*

*Dumating daw ang kababata mula sa Maynila na matagal nang hindi umuwi dahil busy sa pag-aaral. Mamamasyal daw ito sa ibang kaibigan nila.*

*"Mayamaya pa ako, Kuya. Mauna ka na," sagot*

*ni Matilda, inaayos ang pagkakapatas sa loob ng box ng mga hindi pa naibebentang prutas.*

*“Hindi ka pa ba magsasara? Alas seis na.”*

*“Alas seis y media ako karaniwang nagsasara, Kuya.”*

*“Kalahating oras na lang pala, eh di, magsara ka na ngayon. Ako na ang bahala sa Nanay. Kesa naman umuwi ka pang mag-isa sa atin, sumabay ka na sa amin ni Leandro.”*

*“Tutulungan ka na naming magsara,” anang lalaking nakatayo sa tabi ng pinsan.*

*Hindi niya napansin kanina ang lalaki gayong mas mataas ito kesa kay Richard. Bagsak ang tuwid na buhok, singkit ang mga mata, matangos ang ilong at may maninipis at makikipot na labi, mas maganda pa sa sarili niyang labi, kayumanggi ang balat.*

*Tall. Dark. Handsome.*

*Napalunok si Matilda. Ngumiti ang lalaki, waring nabasa sa mga mata niya ang paghangang agad na naramdaman niya para rito.*

*Ibinalik niya ang atensyon sa ginagawa. Kesa pagtuunan ng pansin ang lalaki, mas dapat niyang isipin kung paano sasabihin sa tiyahin na hindi niya na-meet ang takdang kita niya ngayong araw.*

*“Sayang ang kalahating oras, Kuya, baka may*

*bumili pa."*

*"Hindi ka na naman nakabenta?"*

*Bumuntong-hininga si Maty, "Meron naman, kaso, matumal."*

*"Pabili ako ng apple at grapes, pati oranges. Halagang isang libo," ani Leandro.*

*"Sigurado ka, 'tol?" halata ang gulat sa boses ni Richard.*

*"Oo," sagot nito sa pinsan niya saka bumaling sa kanya. "Makikibukod-bukod na lang ng plastik. Ibibigay ko kasi sa mga boy namin sa grocery," nakangiting sabi nito.*

*At ang puso ni Matilda na kanina pa nagwawala ay halos tumigil ang pagtibok dahil sa ngiti ng binata.*



*"Magkano ang kilo ng grapes?"*

*"Maty!" Maging si Matilda ay nagulat sa sigaw ni Helen. Lumabas ito sa stall at niyakap siya. "Bruha ka! Wala kang pasabi! Kailan ka pa dumating?"*

*Wala itong pakialam kahit pinagtitinginan na sila ng mga tao sa paligid.*

*"Kaninang umaga lang," nakangiting sagot niya.*

*"Lilipat ka na?" Halata ang excitement sa boses nito.*

*Tumango si Matilda. Kasabay ng saya sa muling*

pagbabalik ay ang lungkot at pangamba. Kung may pagpipilian siya, hindi na siya babalik dito sa Real, Quezon. Pero kailangan niyang bumalik muna.

“Sa bahay na kayo maghapunan mamaya.”

“Para kanino ang imbitasyon? Sa aming mag-anak lang ba, o kasama ang magaling na biyenan ko, pati mga hipag?” Si Kuya Richard ang nakatuluyan ni Helen kaya pinsan na niya ang matalik na kaibigan. At sa kabila ng pagkakalayo nila nang walong taon, nagkakausap pa rin sila. Updated ito sa mga importanteng pangyayari sa buhay niya, at updated din siya sa mga nangyayari sa probinsya.

“Kayo lang mag-anak. Kayo lang naman ang itinuturing kong totoong kamag-anak,” biro ni Maty. Pero sa tagal ng pagkakaibigan nila, alam nito na para sa lahat ang imbitasyon.

Napatawa si Helen. “Yumaman ka lang, namimili ka na ng kamag-anak, ha! Ang sama mo na. Iyan ba talaga ang nagagawa ng pera?” Nakataas ang kilay nito, sinakyan ang biro niya.

“Hay, salamat! May nakapansin din na masama ang ugali ko. Akala ko, hindi pa rin ako nagbabago.” Nakaismid siya. “Pero ’wag kang mag-alala, kahit yumaman ako, sumama man lalo ang ugali ko, isa ka pa rin sa mga itinuturing kong kamag-anak.”

Tumawa ang kaibigan at muli siyang niyapos, “Sige. Sasabihan ko si Nanay, pati sina Berna at Silvia. ’Yun nga lang, hindi ko alam kung sasama sila. Mamaya lang, narito na rin si Richard. Matutuwa rin iyon kapag nalamang lilipat ka na ulit dito.”

“Sige, balitaan mo ako kung ilan kayong pupunta para maihanda ko kaagad ang mesa. Magkita na lang tayo mamaya. Mamimili na muna ako para may stock kami sa bahay. Mahirap mamili kapag narito na si Fourth. May kalikutan pa naman ang batang iyon.”

“Tipikal naman iyon sa mga bata. Hindi mo pa ba siya kasabay? Gusto ko pa namang makita na ang anak mo.”

“May anak ka na? Akala ko ba, dalaga ka pa?” sabat ni Aling Precing, hindi nila namalayan na nasa likuran pala nila ang matabil na matanda.

“May anak na dalaga? Bago pa ba ’yon ngayon? Aling Precing naman, ilang nabuntis na ba sa baryo natin ang naitsismis n’yo? Marami na, di ba? Nagugulat pa kayo? Kahit nga hindi nabuntis, naibabalita ninyo,” ani Helen.

“Katulad ko. Hindi po ba’t noon ay naipamalita n’yo na nabuntis ako ni Leandro?”

“Hindi ka ba nabuntis noon ni Leandro? Hindi

ba't..."

"Bakit po tinatanong n'yo iyan? Hindi kayo sigurado?" putol ni Matilda sa sasabihin pa ng matanda. "Dapat alam n'yo po iyan. Tatal mas marami po kayong alam kesa sa mismong taong involved sa kuwento," hindi nakapagpigil na komento ni Matilda.

Hindi nakaimik ang babae.

"At wala po akong nakikitang masama kahit maging dalagang-ina si Matilda," sabi ni Helen. "Mayaman na siya. Kaya niyang buhayin ang anak n'ya nang hindi sa inyo umaasa. Ako po na pinsan niya ay hindi apektado, bakit po kayo apektado?"

Hindi napigilan ni Matilda ang pagtawa, "Helen, may nalimutan ka."

"Ano?" nakakunot-noong lingon sa kanya ng kaibigan.

"Maganda. Modelo ako, di ba? Hindi lang ako basta mayamang dalagang-ina. Maganda at mayamang dalagang-ina," aniya, nag-high five pa sila at sabay tumawa.

"Hoy, babae, hindi ka lang basta mayaman! Nabili mo ang palasyo ng mga Acuzar! Milyonarya ka, bruha!" sagot ni Helen na sinundan ng malakas na pagtawa.

Si Aling Precing naman ay halos lumuwa ang mata. Sa isip nito ay naglalaro ang mga tanong. Unang-una ang pinanggalingan ng pera ni Matilda. Pangalawa ay kung ilang taon ang anak ng dalaga, at bakit wala pa itong asawa. Sino kaya ang ama ng bata? Kailangan niyang makita ang paslit para malaman niya kung sino ang kamukha nito. At ano kaya ang gagawin ni Leandro kapag nalamang umuwi na si Matilda? Kailangang lakasan niya ang radar, para masiguradong siya pa rin ang mauuna sa balita.

## 2



**N**aupo si Matilda sa ikatlong baitang ng hagdanan ng kubo ni Tatang Imo, isinandal niya ang ulo sa pintuan at pumikit. Magpapahinga muna siya saglit bago bumalik sa bahay.

Ikalawang araw pa lang niya sa probinsya. At dahil wala pa naman ang inaantay niya, naglibot muna siya sa nabiling lupain. Sakop niyon ang kubo ng dating katiwala ng mga Acuzar, si Tatang Imo. Nasa dulong bahagi na iyon ng lupain ng mga Acuzar, malapit sa boundary ng lupang pag-aari ng mga Advento.

Doon dati nakatira ang pamilya ng matanda. Pero dahil sa matapat na paninilbihan nito sa pamilya Acuzar, binilhan ito ng lote at ipinagpatayo ng bahay sa bayan.

Maayos pa rin ang kundisyon ng kubo. Nasisigurado ni Matilda na hanggang ngayon ay madalas pa ring may napapasyal sa lugar na iyon. Hawan ang paligid at mukhang bagong barnis ang

dingding. Mukhang maging ang bubong na pawid ay bagong palit din. Pero duda siyang ang mga Acuzar ang gumastos sa pagmimintina ng kubo.

Nag-migrate na kasi ang mga Acuzar sa U.S.A. kaya nga ibinenta na ang mga ari-arian. Masuwerteng nasabi kaagad ni Helen sa kanya ang tungkol doon, at dahil may pera siya sa bangko, nabili niya kaagad iyon. Cash.

Sinong mag-aakalang ang isang katulad niyang muntik nang mamalimos sa Maynila para may maipambili ng tubig, ay nakabili na ngayon ng ektaryang lupa?

At ngayon, pag-aari na niya ang kubong ito. Pero hindi pa niya alam kung ano ang dapat gawin dito.

Ang kubo ang naging piping saksi sa lahat ng masasayang sandali niya sa piling ni Leandro. Pero ang kubong iyon din ang paalala ng kabaliwan niya dahil sa pag-ibig.



*“Leandro, natatakot ako,” sabi ni Matilda, naiwan siya sa ibaba ng hagdanan ng kubo habang ang lalaki ay binubuksan ang munting bahay.*

*“Ako ang kasama mo, bakit ka matatakot?” Nabuksan na ng binata ang kubo, bumaba at hinawakan nito ang magkabilang pisngi niya saka*

*siya tiningnan sa mga mata.*

*“Paano kung may makakita sa atin?”*

*“Eh ano naman kung may makakita sa atin? Lagi naman nila tayong nakikitang magkasama sa palengke. Lagi mo akong kasama sa stall n’yo, ano’ng bago r’on?”*

*“Eh kasi...” Ninenerbyos si Matilda, parang gusto na niyang umurong.*

*“Tkinahihiya mo bang makita nila na magkasama tayo?”*

*“Hindi gan’on, Leandro. Mahal kita, alam mo ’yan. Sasama ba ako sa ’yo rito kung hindi? Kaya lang...”*

*“Walang ‘kaya lang.’ Mahal kita, mahal mo ako. Bakit hahayaan mong maapektuhan ka ng sasabihin ng iba? Tayong dalawa ang isipin mo.”*

*“Paano kung... Paano kung....” Napayuko si Matilda sa magkasalikop na mga kamay niya.*

*Itinaas ni Leandro ang kanyang mukha. “Handa akong panagutan ka. Papakasalan kita sa lahat ng simbahan na gusto mo,” anito, hinalikan ang tungki ng ilong niya.*

*“Talaga?” Kinagat niya ang labi, naroon pa rin ang pag-aalinlangan.*

*“Talagang-talaga. Mahal kita, Maty.”*

*Huminga nang malalim si Matilda, tumingin siya sa mga mata ng nobyo, pero pumikit din kaagad nang maglapat ang mga labi nila.*

*Bahala na. Iyon ang huling naisip niya bago tuluyang nagpatangay sa mainit na halik ng binata.*

*Kumapit siya nang mahigpit sa batok nito nang maramdaman niya ang pag-angat ng katawan sa lupa. Nakikipagpaligsahan ang lakas ng tibok ng puso niya sa tunog ng kawayang hagdan habang umaakyat doon ang nobyo.*

*“Leandro...” sambit niya nang humiwalay ang labi nito sa kanya, maingat siya nitong ibinaba sa ibabaw ng papag. Pilit niyang hinabol ang mga labi nito. Ayaw niyang mag-isip at baka magbago pa ang desisyon niyang magpaubaya.*

*Ngunit saglit lang humiwalay sa balat niya ang labi ng lalaki. Muli iyong lumapat sa puno ng kanyang tainga. “Mahal kita, Maty,” bulong nito bago pinaulanan ng maliliit na halik ang ilalim ng tainga niya, papunta sa panga, hanggang humantong sa kanyang leeg.*

*Napasinghap si Maty nang dumiin ang halik ni Leandro; nalulunod siya sa mga sensasyong nananalaytay sa buong katawan niya. Pakiwari niya ay may enerhiyang biglang gumuhit mula sa leeg niya*

*papunta sa sentro ng kanyang katawan.*

*Naipon ang hangin sa baga ni Matilda nang maramdaman ang kamay ng nobyo sa loob ng damit niya, dahan-dahang gumagapang papunta sa kanyang dibdib. Napaigtad siya nang tuluyang makulong sa mainit na palad nito ang isa sa mga iyon. May maliliit na ungol na umalpas sa mga labi niya nang laruin ng lalaki ang tuktok ng kanyang dibdib, at lalong lumakas ang singhap nang maramdaman niya ang pagsakop ng labi nito sa kabila. Kung paanong naiangat ni Leandro ang kanyang damit ay hindi na niya matandaan.*

*At kung kanina ay sa sentro lang ng katawan niya nanulay ang kuryente, ngayon, bawat himaymay ng katawan niya ay tuluyan nang naalipin ng sensasyong ngayon lang niya naramdaman.*

*“Leandro...” Maging ang sariling tainga ni Maty ay hindi halos makilala ang boses na iyon.*

*Imbes na sumagot, mas dumiin ang paghalik sa kanya ng binata, pinagsalit-salit nito ang pagsamba sa magkabilang dibdib niya. Iniangat niya ang likod para lalong ialay ang sarili sa lalaki. Ang mga kamay na hindi niya alam kung saan ikakapit ay inihawak niya sa buhok nito.*

*Muling may umalpas na malakas na ungol*

*sa kanyang mga labi nang maramdaman niya ang pagsakop ng mainit na palad nito sa kanyang kaangkinan.*

*Masyadong buhos ang atensyon niya sa ginagawa ng kaniig sa itaas na parte ng katawan kaya hindi niya namalayang naibaba na nito ang kanyang kasuotan. Automatic na nagdikit ang mga hita niya.*

*“Relax, Maty,” bulong ni Leandro bago muling naglakbay ang mga labi pababa. Nang lumampas sa pusod niya ang halik nito ay biglang napamulat si Matilda at natilihan.*

*“Leandro!” Hinawakan niya ang magkabilang pisngi nito para pigilan ito.*

*Nang magtama ang mga mata nila, muling nakulong sa бага ng dalaga ang kanyang hininga. Ang singkit na mga mata ng kasintahan ay naglalabas ng mumunting mga бага. Hinawakan nito ang isang kamay niya, idinikit ang kanyang palad sa mga labi bago tumayo.*

*Hindi nito hinihiwalay ang mga mata sa kanya habang isa-isang hinuhubad ang kasuotan. May init na gumapang sa magkabilang pisngi ni Maty nang mabistahan ang katawan ng kasintahan, pero hindi niya magawang pumikit. Bahagyang nanlaki ang mga mata at napalunok siya nang masulyapan ang sentro*

*ng katawan ni Leandro. Inangat niya ang paningin at tumingin sa mukha ng lalaki. Muling may takot na dumaan sa kanyang puso.*

*“It will fit, Maty,” anito nang lumapit sa kanya. Muling sinakop ng lalaki ang kanyang labi, habang ang mga daliri ay dumadama sa magkabilang dibdib niya.*

*Ang takot na saglit na naramdaman kanina ay tuluyan nang nalimot ni Maty. Napalitan iyon nang matinding pangangailangan, na nadoble pa nang lumapat ang katawan ni Leandro sa kanya.*

*Gamit ang tuhod ay pinaghiwalay nito ang kanyang mga hita habang ang mga labi nito ay muling naglakbay pababa. Saglit nitong pinagpala ang kanyang mga dibdib bago muling unti-unting dumausdos ang maiinit na labi nito pababa. At kung kanina ay pinigilan niya ang nobyo, ngayon ay masyado na siyang lango sa sensasyon para makapag-isip pa ng iba, maliban sa maabot ang kung anong kulang at hinahanap niya.*

*“Leandro...” Napaanas si Matilda nang muling lumapat ang kamay ni Leandro sa pagitan ng kanyang mga hita. Ngunit hindi katulad ng inaasahan niya ang ginawa ng binata, lumampas ang mga halik nito sa lugar kung saan dumadama ang mga daliri nito.*

*Maging ang kanyang mga hita at paa ay dinaanan ng maiinit na labi nito, bago muling naglakbay pataas.*

*Nagmulat ng mga mata si Maty nang haplusin ni Leandro ang kanyang pisngi, “Lagi mong tatandaan na mahal kita, Maty.”*

*Hindi na nito inantay ang sagot niya. Sinakop kaagad nito ang kanyang mga labi, habang ang mga kamay nito ay patuloy na dumadama, dinadarang siya, hinahanda ang katawan niya sa napipinto nilang pag-iisa.*

*Makalipas ang ilang saglit ay muling nilubayan ng binata ang kanyang mga labi. Ngunit bago pa makalabas ang pagtutol niya ay lumapat na sa sentro ng katawan ni Matilda ang mga labi ng binata.*

*Kasabay ng singhap niya ang pagdaloy ng bolta-boltaheng kuryente sa bawat parte ng katawan ng dalaga. Hindi niya mapaniwalaan na may kakayahan siyang makaramdam ng ganoong uri ng nakalalangong kaligayahan. Umawang lang ang kanyang mga labi pero wala namang tunog na lumalabas mula roon.*

*Naitukod niya ang ulo at iniangat ang likod. Pumikit siya nang mariin at kinagat ang labi. Hindi niya magawang mag-isip nang iba pa. Lahat ng sensasyon ay napunta sa sentro ng katawan, sa mga*

*labi at dilang sumasamba sa kanya. Kusang kumilos ang kanyang mga kamay at dinama ang buhok ng binata.*

*Tuluyang kumawala ang ungol ni Maty nang may isang laksang liwanag ang sumabog sa ilalim ng talukap ng kanyang mga mata.*

*“Leandro.... Leandro...” paulit-ulit na bulong niya habang nakakapit nang mahigpit sa buhok ng nobyo. Pakiwar niya ay naubos ang lahat ng lakas niya, pero kakatwang naroon ang kakuntentuhan. Hindi niya kayang ipaliwanag ang kung anong sensasyong umalipin sa buo niyang katawan.*

*Umangat ito, kinintalan siya ng mabilis na halik sa mga labi, at bumulong, “Kahit ang lupang lalakaran mo ay handa kong sambahin. Ganon kita kamahal, Maty,” anito bago tuluyang pinag-isa ang mga katawan nila.*



*“So totoo ang tsismis na umuwi ka na nga,” anang isang boses na kahit hindi pa nakikita ni Matilda ay kilalang-kilala niya.*

*Hindi mabubura ng walong taong pagkakahiwalay nila ang pagkakatanda niya sa boses nito. Kilala niya iyon kahit pasigaw, normal na tono, o pabulong lang ang pagsasalita nito.*

Bago magmulat ng mga mata ay ipinaalala muna ni Matilda sa sarili na hindi na siya katulad ng dati. May kailangan na siyang isaalang-alang sa kanyang mga aksyon. Bumaba muna siya sa hagdanan bago tiningnan si Leandro.

Ang lakas ng pintig ng puso niya kanina dahil sa mga nanumbalik na alaala, ay nadoble ngayong magkaharap sila. Alam niyang guwapo ito noon pa. Hindi naman siya magpapakatanga at magpapaubaya noon dito kung hindi nito nabihag ang puso niya.

Pero mas lalong naging guwapo ang lalaki. Maiksi na ang gupit ng tuwid na buhok nito, na madalas na nilalaro niya noon habang nakaunan ito sa kanyang kandungan. Ang kulay nito ay hindi nagbago. Madalas nitong sabihin sa kanya noon na kapag nagkaanak sila ng babae ay kakulay sana niya. Kawawa naman daw kung maging kakulay nito ang anak nila. Ang singkit na mga matang madalas makapagpalimot sa kanya ng katinuan, ang makikipot at mapupulang labi na nagdala ng isang libo't isang laksang ligaya, ang dahilan ng madalas na pagpapaubaya niya sa binata noong kabataan niya.

Pero noon iyon, noong bata at inosente pa siya, mabilis maniwala, at mabilis magtiwala. Ngayon,

hindi na siya ang Matildang iyon. Natuto na siya. At hindi na siya papayag na madala na naman ng hitsura ng binata.

At ang pinakamabigat na dahilan ng pagbabago niya ay ang batang si Fourth. At ang malaking utang na loob niya sa ama nito na tumulong sa kanya noong mga panahong hindi niya alam kung saan siya pupulutin. Dahil kay Micky kaya napasakanya ang mga bagay na mayroon siya ngayon.

*Umayos ka, Matilda, hindi ka na teenager, milyonarya ka na...* paalala niya sa sarili. Kailangang ipakita niya sa lalaki na hindi na siya apektado ng mga tingin nito.

“Kahit paano, may mga tsismis naman na totoo,” sagot niya na nagkibit-balikat.

“Narito ka ba kasi inaalala mo ang mga ginawa natin dito sa kubo?”

Tinaasan niya ng kilay si Leandro. Pero ngumiti lang ang lalaki at lumakad palapit sa kanya.

“Nang malaman kong ipinagbibili ng mga Acuzar ang lupa nila, sinubukan ko itong bilhin. Gusto ko kasing mapasaakin ang lupang ito. May magagandang alaala ako sa lugar na ito, lalo na sa kubo. Kaso may nakausap na raw sila, nabayaran na rin ang lupa. Nahuli ako nang ilang araw sa balita.”

Napalunok si Matilda. Kilala niya ang tingting iyon. Ilang beses ba siyang nadala sa mga tingting iyon ni Leandro? Ilang beses ba siyang nadala ng lalaki sa kubo dahil sa mga ngiti, haplos, at halik nito?

Alam niya ang tungkol sa pagnanais ng lalaki na bilhin ang parteng ito ng lupain. Nakapagbayad na siya sa mga Acuzar ay nakatanggap pa rin siya ng tawag na kung maaari pang mabawi ang parteng ito ng lupa. Tinanong niya si Helen kung sino ang bibili, at nang malaman niyang si Leandro, lalo siyang hindi pumayag na ibenta iyon pabalik.

Huminga nang malalim si Matilda, “Gan’on talaga ang napapala ng mga taong patulog-tulog sa kandungan ng iba, este, sa pansitan pala. Nabili ko na ito, papabakuran ko na para walang kung sinu-sinong nakakapunta.”

Kumunot ang noo ni Leandro. “Ano’ng ibig mong sabihin?” Humakbang pa ito palapit sa kanya. Lalong naging singkit ang mga mata nito sa pagkakatatig sa kanya.

“Trespassing ka.” Hindi siya umatras, sa halip, tiningala niya ang binata.

“Hindi iyon. Anong natutulog sa kandungan ng iba?”

Tinaasan niya ito ng kilay at inismiran. “Aba, Leandro, ikaw ang gumawa, ako ang magkukuwento? Patawa ka, hindi ka naman kalbo.”

Hinawakan siya nito sa baba, bahagyang tiningala pa ang kanyang mukha. Lalong nag-alab ang titig nito sa kanya habang pinagmamasdan ang kabuoan ng kanyang mukha.

“Hindi na ikaw ang mapagpasensya, mahinhin, at mabilis na kausap na si Matilda.”

Pinalis niya ang kamay nito. “Hindi na talaga. Hindi na ako ’yung tatanga-tangang teenager na mabilis mong nabola.”

“Pero mas gusto ko ang Matilda na kaharap ko ngayon.”

“Bakit? Dahil maganda at sexy na ako ngayon? Hindi na nakahihiyang iharap sa mga Manilenyong kaibigan mo?” Pinaningkitan niya rin ng mata ang lalaki.

Lalong kumunot ang noo ni Leandro. “Hindi kita ikinahiya kahit kailan, Matilda. Kahit noong tintera ka pa sa palengke.”

“Ah, talaga? Kaya pala noon, isang linggo kang hindi nagpakita sa akin. Ang paalam mo, may gagawin ka. ’Yun pala, dumating si Cheenie. ’Wag mong subukang itanggi.”

“Kung ako lang, ipinakilala na kita. Si Richard ang nakiusap sa akin na kung p’wede ’wag na kitang ipakilala dahil kasama nila si Cheenie. Siguradong may maririnig kang biro at iba pang salita, at tiyak na masasaktan ka lang daw. Hindi ko na ipinilit dahil naisip kong tama siya. Nag-aalala rin akong baka iyon pa ang pagsimulan ng away natin.”

“Sige s’abi mo, eh. Kaso ’wag kang umasa na maniniwala ako, ah. S’abi mo nga, hindi na ako ’yung dating Matilda.” Nagkibit-balikat siya. “Anyway, makakaalis ka na sa lupain ko. Sinu-survey ko lang para malaman kung ano pa ang ipapagawa ko rito. At ang unang-unang gagawin ko, ipapagiba ko iyang kubo.”

Nagtagis ang bagang ni Leandro. Lalong naningkit ang mga mata nito sa pagkakatatig sa kanya. Walang babalang hinapit nito ang kanyang baywang at sinakop ang mga labi niyang nakaawang.

Nagulat si Matilda at hindi na halos makahinga sa higpit ng pagkakayakap ng lalaki. Nahahati siya sa masarap na pakiramdam na hatid ng mga halik nito, at sa init na nagmumula sa katawan ng binata. Sa kabila ng mga taong nagdaan, hindi nagbago ang hatid sa kanyang sensasyon kapag nakakulong siya sa mga bisig nito.

Napasinghap siya. Hindi niya inaasahan na ganito kaagad ang mangyayari sa paghaharap nila ng binata. Sinamantala iyon ni Leandro at lalo siyang siniil ng halik.

Ang gahiblang katinuang pinanghahawakan ni Matilda ay tuluyang nawala nang magtama ang kanilang mga dila. Ginalugad ni Leandro ang kasuluk-sulukan ng kanyang bibig. Napapikit na lang si Matilda. Ang init na nabuhay sa katawan niya kaninang nakapikit siya at inaalala ang mga sandali nila ni Leandro sa loob ng kubo ay biglang nag-alab.

Kung kanina, бага lang ang dumadarang sa kanya, ngayon ay para siyang sinisilaban. Hindi na alaala lang ng halik ng lalaki ang iniisip niya, totoong labi na nito ang sumisiil sa kanya.

Ang mga kamay ni Leandro ay gumagawa ng masarap na landas sa kanyang katawan. Hindi na rin ito ang Leandro na natatandaan niya. Noon, ramdam niya ang pag-iingat nito, na para siyang babasaging kristal. Ngayon, mapusok ang binata. Pero kahit magkaiba ang paraan ng paghalik nito sa kanya noon at ngayon, iisa lang ang epekto niyon sa kanya.

Muli, nakalimot siya.

Ang pag-ingit ng hagdanan ang nagpamulat kay Matilda. Unang pagkikita pa lang nila ni Leandro,

sinadya niyang gawing masungit ang pakikitungo rito. Kailangang gawin niya iyon para protektahan ang sarili. Pero muli, napasuko siya ng binata. Isang halik lang, alam niyang naalipin na naman siya nito.

Nagpilit kumawala si Matilda, pero lalo siyang hinapit ng lalaki.

“Nagbago ka nga sa ibang aspeto, pero sigurado akong itong apoy sa pagitan natin ay hindi nagbago. Palagay ko, mas lalo pa ngang nag-alab.”

Muli siyang inabot ni Leandro, ang mga labi ay sa leeg niya lumapat. Napapikit si Matilda, nakagat ang labi. Pero itinulak niya ang binata sa gulat sa pagtunog ng ringtone ng cellphone.

Dali-dali siyang bumaba sa hagdanan at sinagot ang tawag.

“Ate, nasaan ka po? Dumating na po ang delivery ng aircon. Ikakabit na po sa kuwarto mo at sa magiging kuwarto ni Fourth,” sabi ni Joan, ang kasambahay na nakuha niya. Rekomendado ito ni Helen, pamangkin nito sa pinsan.

“Pabalik na ako.” Pinutol niya ang tawag at saka dali-daling lumayo sa kubo.

“Saan ka pupunta, Matilda?”

“May gagawin pa ako, Leandro,” aniya, sinubukang muling lampasan ang binata.

“Ano ’yon? Tutulungan na kita.”

Hindi sumagot si Matilda, lakad-takbo ang ginawa niya para makalayo sa kausap. Sa pagtulong-tulong sa palengke siya unang napaamo ng binata. At hindi na niya iyon mapapayagan ngayon.

## 3



"**H**oy, luka-luka ka! Dahil sa mga pinagsasabi mo kay Aling Precing, baryo-wide trending ka na," natatawang imporma ni Helen kay Matilda. Nasa palengke siya at dumaan sa stall ng kaibigan.

"Inasahan ko na 'yan. Si Aling Precing pa ba?" naiiling na sagot niya.

"Ano pa nga ba!"

"Pero may kasalanan ka rin, ginatungan mo pa 'yung matabil na matanda," sabi ni Matilda sa kaibigan.

"Pero nakakatawa pa rin. Kung anu-anong kuwento ang kumakalat sa barangay natin. At ang magaling na matanda, pabida. Ikaw raw mismo ang nagsabing ayaw mong mag-artista, at model ka raw ng mga panty at bra. Dahil daw sa pagmo-model mo kaya ka nagkapera."

Hindi napigilan ni Matilda ang paghalakhak. Inasahan na niyang seseryosohin ng matanda ang sinabi niya.

“Pero ’eto ang matindi. Maraming hindi naniniwala. Baka raw nakabingwit ka ng may apat na M. Matandang Mayamang Madaling Mamatay. Tapos, nagpaanak ka para magkapera ka.”

Nagtawanan sila.

“Tatawa tiyak si Micky kapag narinig iyan. Unang-una, thirty-eight pa lang siya. Oo nga’t mayaman, matagal pa siyang mamamatay. Napaka-health-conscious at gym buff kaya n’on,” sabi ni Matilda nang makabawi sa pagtawa.

“Teka, hindi pa tapos. May iba pa silang teorya,” dagdag ni Helen.

“Ano pa?”

“Baka raw anak talaga ni Leandro ang bata, tapos ipinakargo mo lang sa iba.” Muling tumawa ang kaibigan.

Pinaikot ni Matilda ang mga mata. “Hayaan mo sila. Ang mahalaga, alam ko ang totoo. At hindi ko kailangang magpaliwanag sa kanila.”

“Tama. Kahit ano nama’ng gawin mo, iba-iba ang interpretasyon ng tao. Kung sila ang iisipin mo, walang mangyayari sa ’yo. Hindi ka sasaya, hindi ka rin aasenso.”

Tumango siya bilang pagsang-ayon sa sinabi ng kaibigan.

“Teka, bakit naligaw ka?”

“Itatanong ko lang kung may kakilala kang gumagawa ng cottage. Papalitan ko na ’yong lumang cottages d’on sa beach front. Para pagdating ni Fourth sa isang linggo, ayos na lahat. Mahirap na, baka maaksidente pa doon ang anak ko.”

“Napaayos mo na ang loob ng bahay?”

“Oo. Nakapagpa-deliver na ako ng mga gamit sa kuwarto namin ni Fourth. Ang mga lumang gamit sa mansyon, nakaayos na rin sa storage sa likod-bahay. Dumaan ka roon, baka may magustuhan ka. Tapos iyong iba, ipamigay na lang natin sa mga kamag-anak mo.”

“Sige, dadaan ako doon mamaya. At ang gagawa ng cottage, may kakilala akong gumagawa ng ready-made. Gawa na, ipapa-deliver mo na lang sa beach front mo. Hetong number, tawagan mo.”

Kinuha niya ang cellphone kay Helen at kinopya ang contact number doon.

“Got it. P’ano, tutuloy na ako. Uunahin ko na muna ito.”

“Okay. ’Kita na lang tayo mamaya sa bahay n’yo.” Nagyakap muna sila ng kaibigan bago siya umalis sa stall nito.



Napakunot-noo si Leandro nang makita ang nakapatas na mga lumang kawayan at kahoy malapit sa daan papunta ng beach. Nasisiguro niyang iyon ang mga lumang kubo na nasa tabing-dagat dati. Bukod sa kubo ni Tatang Imo, ang mga kubong iyon din ang piping saksi sa masasayang sandali niya sa piling ni Maty. Ipinagiba iyon ng dalaga? Wala na ba talagang halaga rito ang nakaraan nila?

Ngunit ang pagkunot ng noo niya ay unti-unting napalitan ng ngiti nang makita ang babaeng naglalakad palayo sa isa sa mga bagong cottages na nakahanay sa tabing dagat. Ngiting unti-unti ring nabura nang mapagmasdan ang kabuoan ng dalaga.

Naka-two-piece swimsuit ito. Ang mahabang buhok ay malayang nilalaro ng hangin. Ang papalubog na araw ay waring nagpaangat pa lalo sa angking karisma ni Maty. Napalunok siya nang dumako ang kanyang paningin sa baywang at pang-upo ng dalaga. Hindi niya malilimutan kung gaano kakinis ang kutis nito, kung gaano kikipot ang baywang na madalas niyang dangkalin matapos ang pagniniig nila. Nahiling niyang sana ay humarap sa gawi niya si Maty para lalo pa niyang mabistahan ng kabuoan nito.

Bumilis ang mga hakbang ni Leandro pasunod

sa dalaga. Ngunit bago pa siya makalapit dito, nakalusong na ito sa tubig, sinalubong ang mga alon hanggang sa unti-unting nawala ang babae sa paningin niya.

Pinagkasya ni Leandro ang sarili sa pag-upo sa buhanginan at maghintay sa muling pag-ahon ng dalaga. Nilinga niya ang paligid, tiningala ang kalangitan. Noon, hindi sila makapunta doon ni Matilda kapag ganitong may araw pa, hinihintay muna nilang mag-agaw-dilim na.

Nang muli siyang tumingin sa dagat ay parang may sumuntok sa sikmura niya. Nakatayo ang dalaga, nakatalikod sa kanya. Itinaas nito ang isang kamay, inayos ang buhok na marahil ay humarang sa mukha. Pero hindi talaga iyon ang nakapagpatigil sa pag-inog ng mundo ni Leandro.

Kahit nakatalikod, para itong isang diwatang umahon sa dagat. Ang balat nito ay parang pilak, ang tubig na umaagos sa katawan ay kumikinang sa tama ng sinag ng papalubog na araw. Sa kanyang paningin, animo walang kahit anong saplot ang dalaga.

Ang alaala ng isang gabi, ilang taon na ang nakalilipas ay waring nauulit sa mismong mga mata niya...

*“Huli ka,” sabi ni Leandro nang maabutan si Maty*

*bago pa ito makaahon. Niyapos niya ang dalaga sa baywang at walang kahirap-hirap na hinigit pabalik sa dagat.*

*Pumihit ito paharap sa kanya, ang basang buhok na nakaharang sa mukha ay pinalis kaya kita niya sa mga mata nito ang pag-aalala. “Leandro, tara na. May labahin pa ako. At baka hinahanap na nila ang benta. Makakagalitan ako ng Tiya.”*

*Parang may kumurot sa puso ni Leandro. Dapat ay hindi ganito ang pinoproblema ng dalaga. Dapat ay tungkol sa school projects at grade ang problema nito. Dapat ay naglilibang ito.*

*At ngayong kasama niya si Maty, gagawin niya ang lahat para kahit paano ay mawaglit sa isip nito ang mga alalahanin.*

*“Hindi. Ako ang bahala.” Kinindatan niya ito at kinintalan ng mabilis na halik sa labi.*

*“Halika na. Giniginaw na rin ako. At saka paano kung may makakita sa atin dito?” Nilinga pa ng dalaga ang paligid, ang mga braso ay pinagsalikop sa tapat ng dibdib para takpan iyon. Ngunit dahil sa ginawa nito, lalong naging kaakit-akit ang dibdib nito. Mas gusto niyang sisirin iyon kaysa sa tubig na nakapaligid sa kanila ngayon.*

*Napangiti si Leandro. Inalis niya ang mga kamay*

*nito sa tapat ng dibdib, sinadyang bungguin ang mga iyon. Napasinghap si Matilda, ang mga matang nag-aalala kanina ay unti-unting napalitan ng kamalayan sa kung ano ang totoong gusto niyang gawin.*

*Niyapos niya nang mahigpit ang nobya at pinaglapat nang maigi ang mga hubad na katawan nila. Iniangat niya ang mukha nito at tinitigan. Nahigit ni Leandro ang hininga nang mapagmasdan ang mukha ni Maty.*

*Sa ilalim ng sinag ng bilog na buwan, parang porselana ang kutis nito. Ang basang mga labi ay bahagyang nakaawang, waring iniimbitahan siyang tikman iyon. Ang tanging nakapigil kay Leandro na gawin iyon ay ang pag-aalala sa mga mata ng kaharap.*

*“Walang makakakita sa atin dito, Maty. Lumuwas sa Maynila ang mga Acuzar dahil kasal ng anak nila.”*

*“Pero paano kung may bisita kayo o miyembro ng pamilya mo na magawi rito?”*

*“Malayo na ito sa lupain namin, Maty. At walang magagawi rito dahil private property ito ng mga Acuzar. Walang mangangahas na pumasok sa lupa namin at lupa nila.”*

*“Pero...”*

*“Malakas ang loob kong ayain kang maligo nang nakahubad dahil alam kong maliban sa atin ay wala nang iba pang magagawi rito. Kampante ako. Atin ngayon ang mundo, at akin lang ito,”* aniyang muling ginitgit ang katawan sa dalaga. Sadya niyang ipinaramdam ang naghuhumindig na pagnanasa.

*Kung lalong namungay ang mga mata ni Leandro, ang kay Maty ay nanlaki, at lalong umawang ang mga labi.*

*Yumuko ang lalaki, ang mga labi ay halos lumapat na sa labi ng dalaga. “Kapag nagkaanak tayo, lalo na kung babae, sana kamukha mo. Sana pati kutis mo, mamana ng anak ko.”*

*Tuluyang nag-alab ang mga mata ni Matilda, lumunok ito bago inangat ang mukha. Pumikit ito, bago kusang inilapat ang mga labi sa kanya.*

*Gamit ang dila ay pinaghiwalay ni Leandro ang mga labi ng dalaga. Ginalugad niya ang lahat ng sulok ng bibig nito. Mula sa baywang ng kasuyo, pinagapang niya ang kanyang mga kamay patungo sa pang-upo nito. Walang kahirap-hirap na nabuhat niya ang babae. Habang lumalakad paahon sa dagat ay hindi niya nilulubayan ang paghalik sa mga labi ni Matilda.*

*Nang makarating sa pampang, hiniga na niya ito kaagad. Wala siyang pakialam kahit na ba naaabot*

*ng alon ang kanilang mga paa.*

*Mula sa mga labi ay pinaglandas niyang pababa sa leeg ni Maty ang mga labi. Tamis, hindi alat, ang nalalalahan ni Leandro sa balat nito.*

*Nang tumapat ang mga labi niya sa dibdib ng nobya ay bahagya niyang inangat ang mukha. Sa paraan ng pagtaas-baba ng dibdib nito, alam niyang parehas ang level ng kasabikan nila para sa isa't isa.*

*Firm and small. Ang mga dibdib na iyon ay ilang beses na halos nagpabaliw sa kanya. Kasabay ng pagsakop ng bibig niya sa isang dibdib nito ay ang paghawak niya sa kabila.*

*Nakipagpaligsahan ang mga ungol ni Maty sa mabining tunog ng mga along humahampas sa dalampasigan. Kasabay ng pagtaas ng likod nito ay ang paghaplos ng dalaga sa kanyang buhok.*

*Kailan man ay hindi siya magsasawang halikan ang buong katawan ng dalaga. Napakalambot ng kutis nito.*

*“Leandro,” anas nito na iniyapos ang mga hita sa kanyang baywang bago siya hinigit pataas.*

*Alam na niya ang ibig sabihin ng dalaga. May mga pagniniig silang mabagal, dahan-dahan ang kanilang pag-iisa. At may mga sandaling katulad nito na alam niyang gusto ni Matilda na mabilis ang*

*kilos niya.*

*Umangat siya at itinapat ang mukha sa kaniig. Nakapikit ito, nakabuka ang bibig at iyon ang ginagamit sa paghinga. Ang buhok nito ay nakasabog sa itim na buhangin. At kahit sa ilalim ng sinag ng buwan, kita ni Leandro ang pamumula ng mga pisngi ng dalaga.*

*Nang magmulat ito ay nahigit niya ang hininga. Nag-uumapaw iyon sa pagmamahal at pagnanasa.*

*Inabot niya ang binti ng babae at pilit kinalas sa pagkakayapos sa katawan niya. Pero imbes na bumitaw ay lalong humigpit ang pagkakakapit niyon sa kanya. Nang tingnan niya ang dalaga ay magkasalubong ang mga kilay nito.*

*Napangiti si Leandro. Binitawan niya ang binti ni Matilda at pinaglandas ang daliri sa nakaawang na labi ng dalaga.*

*“Sa cottage tayo.”*

*Umiling ito. “Bakit pa? Dito na. Hayaan mong panoorin na lang nila tayo. Tutal sila lang naman ang makakakita. At saka may susunod pa naman, di ba?”*

*Gustuhin mang tumawa ni Leandro ay hindi niya nagawa dahil pagkasabi noon ay pinaglandas ni Matilda ang dila sa itaas ng labi.*

*Tuluyang napatid ang kontrol niya. Hindi na siya*

*nag-isip pa, muli niyang inangkit ang mga labi ng dalaga. At kasabay ng pagpasok ng dila niya sa bibig ni Matilda ay ang pag-iisa rin ng mga katawan nila.*

Dumakot ang mga daliri ni Leandro sa buhangin sa pagpipigil sa sarili na lumusong din sa tubig at buhatin si Maty.

Ang mga taong lumipas ay naging mabuti rito. Maturity suited her. Nakaharap man o hindi, makapigil-hininga ng angking ganda ni Maty. Ngayon pa lang, tiyak na niya sa sarili na hindi niya kakayaning hindi makuha muli ang dalaga.

Muli itong nawala sa pagitan ng mga alon, ngunit ilang saglit lang ay muling lumitaw, nakaharap pa sa gawi niya. At pakiwari ni Leandro, tuluyang nawalan ng hangin ang baga niya nang makita nang tuluyan ang kabuoan ng dalaga.



Napatigil sa planong pag-ahon si Maty. May nakaupo sa tabing-dagat, paharap sa kanya. Bumilis ang tibok ng puso niya, pero hindi dahil sa takot, dahil kahit madilim, kilala niya ang nakaupong iyon.

Para saan pa ang mga sandaling pinagsamahan nila kung hindi niya makikilala si Leandro? Kahit madilim o malayo ang lalaki, kaya niya itong tukuyin.

Itinuloy niya ang pag-ahon. Umiwas lang siyang dumaan sa parte kung saan nakaupo ang lalaki. Pero kahit hindi siya sa tapat nito umahon, hindi niya kayang iwasan si Leandro. Tumayo ito at sumunod sa kanya.

“Parte ito ng lupang gusto ko sanang makuha. Dahil bukod sa kubo, mayroon din akong magagandang alaala dito,” anito, nasa mismong likuran na niya.

Dapat ay nilalamig si Matilda dahil bukod sa basa siya, malakas din ang ihip ng hangin. Pero hindi ganoon. Bagamat hindi nakalapad sa kanya, ang init ng katawan ni Leandro ay ramdam niya.

Inunahan siya ni Leandro sa pagkuha ng tuwalya. Ito ang nagdampi niyon sa kanyang katawan. Umatras si Matilda, kinuha ang towel sa kamay ng lalaki. Nang matuyo niya ang katawan ay inabot niya ang sarong. Pero hindi na niya iyon nagawang isuot. Inagaw iyon ni Leandro at ihinagis sa loob ng cottage.

Sa kabila ng panlalambot ng mga tuhod at mabilis na tibok ng puso, nagawa pa rin ni Matilda na salubungin ang tingin ng lalaki. Tinaasan niya ng kilay si Leandro, pero ngumiti lang ito. Walang babalang hinagip ng binata ang kanyang baywang.

“Simula nang magkita tayo sa kubo ni Tatang Imo, hindi mo na ako pinatulog nang maayos. At ngayon, sigurado akong hindi na lalo ako makakatulog.”

“Bitiwan mo ako, Leandro.” Sinubukan niyang kumawala sa lalaki.

Pero sa kapapalag niya, lalong humigpit ang yakap sa kanya ni Leandro. Nanlaki ang mga mata ni Matilda nang maramdaman ang ibabang bahagi ng katawan nito. Napatigil siyang bigla sa pagpupumiglas. Napalunok siya, nakatitig sa mukha ng binata.

“Kanina pa iyan ganyan, lumalangoy ka pa lang sa dagat at hindi ko pa nakikita ang kabuoan mo. Ang ngayong kaharap na kita, hindi ko alam kung paano pipigilin ang sarili ko.”

Hindi nakaimik si Matilda. Nanuyo ang lalamunan niya. Para siyang nalango dahil sa mainit at mabangong hininga ng kaharap. At kung kanina ay hindi lang siya nakakaramdam ng lamig, bigla ay parang sinisilaban ang pakiramdam niya.

Sinamantala ni Leandro ang pagkatigagal ni Matilda. Bumaba ang labi nito sa mga labi niyang hindi niya napansing nakaawang, wari’y sadyang inaantay ang pagdantay ng mga labi ng binata.

Pumikit si Matilda, nangunyapit sa batok ni Leandro. Gumanti siya sa paraan ng paghalik nito sa kanya. Hindi niya gustong aminin, pero simula nang magkita sila sa kubo ni Tatang Imo ay hindi na rin mawaglit ang dating nobyo sa kanyang isip. Paulit-ulit na bumabalik sa balintataw ni Matilda ang halik na pinagsaluhan nila. At sa tuwi, may kakaibang init iyong binubuhay sa kaibuturan niya. Init na alam niyang tanging si Leandro lang ang makapagdudulot sa kanya.

“Mabuti at naisipan mong palagyan ng bagong cottage ang beach. Sigurado akong hindi na uubra ang dating cottage na narito sa kung anong plano kong gawin sa ’yo,” sambit ni Leandro nang saglit na pakawalan ang mga labi niya.

Ang maiinit na labi ng binata ay naglakbay sa leeg ni Matilda, pababa sa kanyang dibdib. Napaigtad siya dahil sa ginawa ng lalaki.

Mula sa paghalik sa puno ng dibdib ni Matilda, nag-angat ng mukha si Leandro. “Maty, kung magiging akin ka ngayon, akin ka na habang buhay. Hindi na kita pakakawalan. Wala akong pakialam kahit na may kumakalat na balitang may anak ka raw sa isang matanda.”

Dahil sa sinabi nito, biglang natauhan si Matilda.

Hindi siya dapat magpatangay! Mas may puwersa ang ginawa niyang pagpupumiglas pagkaalala sa mag-ama.

Nang makawala siya sa bisig ng binata, lumayo kaagad si Matilda. Ang dalawang kamay niya ay iniharang niya sa dibdib. Nagawa na palang kalasin ni Leandro ang pagkakatali ng bikini top niya.

“Dati, sa beach na ito, sinubukan mo ring makipaghiwalay sa akin. Pero imbis na maghiwalay tayo, iba ang nangyari. At sisiguraduhin kong mauulit iyon, Maty.”

Humakbang palapit si Leandro. Dali-dali naman siyang umatras. Alam niyang oras na makulong siya sa bisig ng binata ay magtatagumpay ito, dahil maging siya ay handa nang isuko ulit ang lahat sa binata.

Pero kung noon ay napahinuhod siya nito, hindi na puwede ngayon. May responsibilidad na siya sa mag-ama. Oo nga’t hindi sila kasal ni Micky, pero may kasunduan sila ng lalaki. Kung sakaling aatras siya roon, alam niyang mauunawaan naman ni Micky. Hindi lang sila basta partners in crime, mag-best friend din silang dalawa. Pero hindi lang si Micky ang dapat niyang isipin, kundi maging ang patriarka ng mga Libreos, at ang magiging epekto

kay Micky ng pagtalikod niya rito. At unang-una sa listahan ng isasaalang-alang niya ay ang batang si Fourth.

Kung sakaling aatras siya, kaya ba niyang dalhin sa konsensya ang posibleng maging epekto niyon sa bata? Tiyak na si Fourth ang unang maaapektuhan kung sakali. Paano niya iyon ipapaliwanag dito? Kakayanin ba niyang mapalayo kay Fourth, na siguradong mangyayari kung sakaling madawit siya sa ibang lalaki?

Mula nang ipanganak si Fourth ay Libre na ito. At alam niya na hindi niya iyon madadala sa korte. Hindi niya kailanman kakalabanin at sasaktan ang mga taong tumanggap at nagtrato sa kanya bilang parte ng pamilya, noong ipinagtabuyan siya ng mismong mga kadugo niya.

Gustuhin mang magsalita ni Matilda, hindi niya magawa. Nanunuyo pa rin ang kanyang lalamunan. Umiling na lang siya, dali-daling tumakbo palayo sa binata.

Pero bago siya makalayo roon ay nilingon muna niya si Leandro at ang dagat na naging saksi sa lungkot at ligayang naramdaman niya sa loob lamang ng isang gabi...

*Kanina pa niya gustong pumunta sa tabing-dagat.*

*Pero dahil maliwanag pa, nagkasya na lang siyang tumambay sa tabi ng puno. Private property ang lugar na ito na pag-aari ng mga Acuzar. Mula sa madalas na pagtambay sa kubo ni Tatang Imo ay natuklasan nila ang daan papunta sa private beach. Doon niya inaanatay ang paglubog ng araw.*

*Maaga siyang nagsara ng tindahan. Bahala na kung makagalitan siya ng Tiya Conching dahil hindi na naman niya na-meet ang dapat na kita ngayong araw. Pero hindi muna niya gustong makita si Leandro, at kung mananatili siya sa stall, alam niyang tiyak na makikita lang niya ang binata.*

*Nakatanaw siya sa dagat. Ilang saglit na lang at didilim na ang paligid, makakapaglakad na siya sa baybay-dagat at makikipaglaro sa mga alon.*

*“Maaga ka raw nagsara. Kanina pa kita hinahanap. Pupunta na nga sana ako kina Nanay Conching, nagbakasakali lang akong nasa kubo ka. At kaya pala parang may humihila sa aking sumaglit dito, kasi narito ka nga,” sabi ni Leandro na naupo sa tabi niya.*

*Napapikit si Matilda. Nakagat niya ang mga labi. Biglang napuno ng luha ang kanyang mga mata.*

*“Sabi ni Helen, masama ang pakiramdam mo. Nagdala ako ng gamot, nasa kotse. Halika*

*na.” Hinawakan nito ang kamay niya, pilit siyang itinatayo. Pero hindi nagpatangay si Matilda, nanatili lang siyang nakaupo.*

*“Maty, hindi mo dapat tinitii ang dysmenorrhea. Kung masakit talaga, puwede ka namang uminom ng gamot. Halika na.” Muling hinigit ni Leandro ang kamay niya.*

*“Hindi masakit ang puson ko,” aniya.*

*Natigilan si Leandro, bumuntong-hininga at naupo muli sa tabi niya. “Kung gan’on, ano ang problema nating dalawa? May nagawa ba ako? May maling nasabi? Ano? Hindi ako manghuhula, Maty. At hangga’t hindi mo sinasabi sa akin ang problema, hindi natin masosolusyunan iyan. Dapat d’yan, pinag-uusapan.”*

*“Maghiwalay na tayo,” sambit ni Matilda, nakatanaw sa dagat.*

*Kahit hindi siya nakatingin, alam niyang matagal siyang tinitigan ni Leandro. “Ano? Ulitin mo?”*

*“Sabi ko, maghiwalay na tayo,” ulit niya, napuno na naman ng luha ang mga mata. Pumikit si Matilda, ayaw nang umiyak sa harap ni Leandro. Pero hindi niya kayang pigilan ang emosyon.*

*“Bakit?” seryosong tanong nito.*

*“Natsitsismis na tayo, Leandro.”*

*“Higit dalawang buwan na tayong halos araw-araw magkasama, Maty. Ngayon mo pa ba maiisip ang tsismis na ‘yan?”*

*“Hindi mo naiintindihan, Leandro. Lalaki ka kasi.”* Nilingon niya ito.

*Natigilan ang kaharap. Tinitigan siya nang matagal. “Problema ba ‘yon, bukas na bukas din, isasama ko sina Mama at Papa. Mamamanhikan kami sa inyo.”*

*Napatayo si Matilda. Nakikipaghiwalay siya, hindi niya gustong magpakasal!*

*“Mag-isip ka nga, Leandro! Twenty-four ka pa lang, nag-aaral ka pa! Nineteen pa lang ako! Ano’ng mangyayari sa atin?”*

*“Magpapakasal tayo, isasama kita sa Maynila, itutuloy ko ang pag-aaral ko. Nasisiguro kong hindi tututol ang mga magulang ko.”*

*Tumalikod si Matilda, kailangan niyang makalayo kaagad sa binata. Pero nakakailang hakbang pa lang siya ay nahagip kaagad nito ang kanyang baywang.*

*“Maty, ano ba? Mahal mo ako, hindi ba?”*

*“Hindi pagmamahal ang sagot sa lahat ng bagay, Leandro. At paano ka nakasiguradong mahal mo nga ako talaga? S’abi mo nga, dalawang buwang mahigit pa lang tayong magkakilala!”* Naiiyak na si Matilda,

*hindi na niya alam kung anong paliwanag pa ang dapat niyang sabihin sa nobyo.*

*“Mahal kita. Sigurado ako roon. Mahal mo rin ako. Sigurado din ako roon. Hindi mo naman ibibigay ang sarili mo sa akin kung hindi, di ba?”*

*Hindi iyon kayang pasubalian ni Matilda dahil totoo.*

*“Hindi mo ba nakikita? Tingnan mo ako, tapos tingnan mo ang sarili mo. Hindi tayo bagay! Matalino ka, ilang taon na lang magiging doktor ka na. Samantalang ako, hamak na tindera ng prutas sa palengke.”*

*“Hindi iyon ang nakikita ko, Maty. Sa kabila ng pagiging mahinhin mo, ang nakita ko ay isang babaeng masipag, matatag, may paninindigan. Kahit dalawang buwan pa lang halos kita nakikilala, alam ko sa sarili kong ikaw ang babaeng ihaharap ko sa altar. At wala akong pakialam sa sasabihin ng iba, Maty.”*

*“Leandro...” Naiiyak na siya talaga. Saya at lungkot ang sabay niyang nadarama.*

*“Ako ang una, Maty. At hindi ako papayag na magkaroon ng iba. Ako ang una, at sisiguraduhin kong ako ang huli.” Hindi siya nito binigyan ng pagkakataong makasagot, siniil siya nito ng halik.*

---

*At katulad ng dati, natangay lang muli si Maty.*

*“Let’s make another memory... in this beach, in this cottage. Baka dito, makabuo na tayo ng baby...”*

## 4



"Wow! Fresh na suha!" Natakam si Matilda at dinampot ang malaking suha na tanda ni Helen.

"Kung maka-react, parang naglilihi!" Pumalatak ang kaibigan niyang naiiling, "Gusto mo? Bibigyan kita ng discount."

"Naglilihi ka d'yan! Luka-loka ka! For your information, meron ako! At kahit gusto kong i-avail ang discount mo, hindi puwede." Ibinalik niya ang suha kahit natatakam siya talaga.

"Pang-ilang araw mo na ba?"

"Pang-apat."

"O, last day mo na 'yan, ah. Bumili ka na, para bukas makain mo na. Dali, habang hindi pa expired ang offer ko. May limang segundo ka pa. Five! Four!"

"Ayan na nga, dalawa!" sabi ni Matilda, dumampot ng dalawang malalaking suha.

Tumawa ang kaibigan. Kinuha nito ang mga prutas sa kanya at isinilid sa plastik.

“Hi, Mahal!” bungad ni Kuya Richard na humalik sa pisngi ni Helen, bago bumaling sa kanya at ngumiti. “Nag-abot din tayo rito! Ano, kumusta?”

“Eto, ayos naman. Ako, sa tuwing may pagkakataon, napasyal ako kay Helen dito sa palengke, ikaw ang busy lagi.”

“Gumaganda kasi ang negosyo. Nakikilala na ang Polilio bilang travel destination.” Halatang proud at masaya ang pinsan sa ginagawa nito.

“Mabuti naman kung ganon. Ang Tiya Conching pala?”

“Ayun, noong isang araw nagpaalam. Sa Infanta raw muna siya, kina Berna. Palagay ko, naiwas lang iyon dahil nalamang narito ka na.” Naiiling ang pinsan niya.

Nagkibit-balikat lang si Matilda. Hindi naman na siya galit sa tiyahin. Isa sa mga araw na ito ay bibisitahin din niya ito, dahil kahit paano, dapat pa rin siyang magpasalamat sa pagkupkop nito sa kanya noon.

“Teka, narinig ko ang usapan n’yo kanina. May tanong ako, bakit nga ba bawal kumain ng suha kapag meron?” ani Richard.

“Sabi ng matatanda, bawal daw ’yun, Kuya.”

“Ano’ng koneksyon?” Tumingin sa kanya ang

pinsan bago bumaling sa asawa.

“Kung scientific explanation, hindi ko rin alam. ‘Ayun si Doc, baka masagot,” sabi ni Helen. “Doc!” Itinaas nito ang kamay, may kung sinong kinakawayan para lumapit sa kanila.

Nang lingunin ni Matilda ang tinatawag nito ay ganoon na lang ang pagbilis ng tibok ng puso niya.

“Helen!” Pinandilatan niya ang kaibigan. Pero hindi siya pinansin ng babae, tuloy ang pagkaway.

“Doc Leandro, napag-aralan mo ba kung bakit bawal kumain nang maasim kapag merong buwanang dalaw ang isang babae?” tanong ni Helen, ngiting-ngiti. Alam niyang nananadya ito.

Tiningnan niya nang masama ang best friend pero binalewala siya nito. Pasalamat ito at hindi pa inaabot sa kanya ang suhang bibilhin niya. Kung hindi, tiyak ibinato na niya iyon pabalik sa kaibigan.

“Bakit? Sino’ng meron?” balik-tanong ni Leandro na puwede namang tumayo nang may distansya sa kanya, pero talagang nananadya ang lalaki, pumuwesto pa sa tabi niya. Wala man lang iniwang espasyo sa pagitan nilang dalawa.

“Si Maty,” tatawa-tawang sagot ni Kuya Richard.

Pumihit ang binata paharap sa kanya, “Pang-ilang araw mo na, Maty?”

Tiningala niya ito at tinaasan ng kilay. “Bakit interesado ka?”

“Para alam ko kung ilang araw pa kita dapat iwasan. Kayong mga babae, kapag meron, daig pa ang dragon na hindi mapangitlog. Napakamainitin ng ulo.” Nangingislap ang mga mata nito.

Hindi siya umimik, sinimanutan lang ito. Bumaling ulit siya kay Helen. “Akina ang suha ko!”

“See! Tama ako, di ba?” sabi ni Leandro na ikinatawa ng mag-asawa.

“Wag kang mag-alala, Doc, ikaapat na araw na n’ya. Last day na ng PMS. Bukas, baka hindi na ’yan Amazona kung umasta,” tatawa-tawang imporma ni Helen habang inaabot ang suha sa kanya.

“Bayad na ako,” sabi niya saka tinalikuran ang tatlo.

“Hoy, babae, wala ka pang inaabot na pera!” sigaw ng kaibigan.

“Sa pang-aasar mo pa lang, tubong-lugaw ka na!” sagot niya saka dere-derechong lumayo sa mga ito.

“Maty, sandali!” Umagapay sa kanya si Leandro. “Mag-usap muna tayo.”

“Wala tayong dapat pag-usapan,” dere-derecho siya sa paglakad, malapit na siya sa kotse niya.

Hinawakan siya ng binata sa braso, “Marami,

Maty. Ano'ng nangyari? Ang s'abi ni Richard, pinapunta ka niya sa Maynila, pero hindi ka naman pumunta sa dorm ko. Ang kasunod na nalaman na lang niya, nasa ibang ka na. May natanggap daw na sulat si Helen galing sa 'yo."

"Nagmamadali ako, Leandro." Dali-dali siyang sumakay sa kotse.

Uuwi na siya sa bahay. Sinabi ni Micky na baka alas cuatro ay naroon na ang mga ito. Kaya bukod sa pag-iwas kay Leandro, mas dapat na magmadali siyang makauwi dahil magluluto pa siya ng hapunan nila.



"Mommy!" Tumakbo palapit sa kanya si Fourth. Naupo siya at sinalubong ang yakap nito.

Nasorpresa siya. Alas dos pa lang, pero narito na kaagad ang bata. Malamang na sa likod-bahay ipinarada ni Micky ang sasakyan kaya hindi niya nakita pagpasok sa gate.

"Nasaan ang Daddy mo?" tanong ni Matilda matapos bumitaw ang bata sa kanya.

"Inside. I love it here, Mommy! I saw the beach and the sand is black! I want to go swimming!"

Sanay ang bata na puti ang buhangin sa mga beaches na napuntahan nila, kaya bago rito ang itim

na buhangin.

“Later baby. Masakit pa sa balat ang sikat ng araw, mapapagalitan tayo ni Daddy kapag naligo tayo kaagad.”

“I will ask Daddy. Gusto ko na po talaga maligo sa dagat, Mommy,” anito.

Tumingala ang bata, lumampas sa balikat niya ang tingin. Kumunot ang noo nito, bago bahagyang ngumiti. “Hello. Are you Mommy’s friend?”

Biglang nanigas ang katawan ni Matilda nang malingunan kung sino ang binati ni Fourth. Malamang na kotse ni Leandro iyong nakasunod sa kanya kanina. Hindi niya naisip iyon kaagad.

“Yes.” Naupo si Leandro sa tabi niya. “What’s your name?”

“Michael Anthony Libre IV, you can call me Fourth,” bibong sagot ng bata.

Tumango si Leandro. “Hi, Fourth. I am Leandro. How old are you?”

“I am seven years old. My birthday is January 28.”

Nilingon niya ang dating nobyo. Kita niya ang pagkalito at gulat sa mukha nito, kumikibot ang mga labi habang nakatitig sa bata.

“Let’s go, baby. Baka hinahanap na tayo ni Daddy.” Tumayo si Matilda at inakay ang bata

papasok sa bahay. Iniwan niya si Leandro na parang namatandang nakatitig lang. Pero dagli din itong tumayo at umagapay sa kanila.

“Sandali, Maty. May kailangan ba akong malaman tungkol sa bata?” nakatiim-bagang nitong tanong.

Tinaasan niya ito ng kilay. “Ano naman ang dapat mong malaman?”

“Ang totoo, Maty.”

“Get inside, baby. Susunod ako,” aniya sa bata, pinagmasdan niya ito habang naglalakad papasok. “Kung iniisip mong anak mo ang bata, nagkakamali ka, Leandro. Nasa loob ang Daddy ni Fourth.”

“Ang totoong Daddy?” Nanunukat ang tingin ni Leandro, sinusuri kung nagsasabi siya ng totoo.

Sinalubong niya ang paningin nito. “Oo. Ang totoong Daddy ni Fourth.”

Matagal silang nagsukatan ng tingin, pero hindi nagbawi ng tingin si Matilda. Alam niyang darating ang pagkakataong may magtatanong kung sino ba si Fourth. Hindi lang niya akalaing si Leandro pa pala ang unang-unang magtatanong niyon.

“Mommy, what’s taking you so long? Daddy’s looking for you!”

“Papasok na, Baby. Tell Daddy to wait.” Nilingon

niya ang bata na nakatayo sa main door. Tumakbo ito muli papasok sa loob ng kabahayan.

“In good terms kayo? Bakit hindi pa kayo nagpapakasal?”

“Look, Leandro. Kung ano man ang buhay ko ngayon, wala ka nang pakialam.”

“Wala tayong closure, Maty.”

Natigagal si Matilda, laglag ang panga niya. Nang makabawi sa gulat ay hindi niya napigilan ang pagtawa. “Oh, God! Patawa ka talaga. Pakalbo ka na nga para komedyante ka na talaga.” Napailing pa siya nang tinalikuran ang ex-boyfriend.

Pero hindi pa siya nakakapasok ay lumabas na si Micky sa bahay. Nakakapit sa kamay nito si Fourth. May kausap ang lalaki sa telepono, pero agad iyong ibinaba nang makita siya. Sinalubong siya nito ng yakap.

“I love this house, babe. Maganda talaga ang taste mo.” Nginitian niya ito. Pero kumunot ang noo ni Micky nang makita ang lalaking nakatayo sa likuran niya. “May bisita tayo?”

“Leandro, pare,” anang tinukoy, iniabot ang kamay.

“Michael Anthony III, pero puwede mo akong tawaging Micky.”

Mahigpit ang handshake ng dalawang lalaki. Nanunukat ang tingin ni Leandro, pero kaaliwan ang nasa mga mata ni Micky. Nagtanguan ang dalawa bago nagbitaw.

“Daddy, please! Can we go swimming?” pangungulit ng bata, hinigit ang laylayan ng damit ng ama.

“Later, anak. Masyado pang mainit, baka mangitim ka,” sagot ni Micky na ginulo ang buhok ng anak. Bumulong ang lalaki sa kanya, “Now I understand why you wanted to jump off that bridge when I first saw you.” Nakakaloko ang ngiti nito.

Pinandilatan niya ito at sumagot nang pabulong din, “Hindi ako tatalon sa tulay n’un. Gusto ko lang mag-alis ng bara sa ilong kasi...” Natigilan si Matilda. “Iyon ba ang akala mo kaya mo ako nilapitan?”